*MALAY 36(1) Disyembre 2023, pp. 33-44*

# Ang Larawan ng Mutya: Muling-Pagsilang, Pagbabanyuhay, at Popularidad

# *The Image of the Muse: Rebirth, Metamorphosis, and Popularity*

Danim R. Majerano
Kapitolyo High School & Samahang Saliksik Pasig, Inc.
danimmajerano@gmail.com

Tinunton ng pag-aaral ang pagsisimula ng paggamit sa larawan ng Mutya ng Pasig—kung paano ito binigyang kahulugan at ang nosyong nakapaligid dito. Ipinalalagay ng pag-aaral na ginamit ng lokal na elite, gobyerno, at mga organisasyong sibiko ang imahen ng Mutya ng Pasig sa konteksto ng produksiyon ng pagkakakilanlan nito. Ang paggamit ng nasabing imahen ay nakakandili at pinagtibay ng politika at ng ideolohikal na ugnayan ng sining at panlipunang dominasyon. Ito ang sinasabing pagsusuri sa hegemonya sa lipunan.

Sa tulong ng masigasig na pangangalap ng mga primarya at sekondaryang batis mula sa mga sinupan ng kaalaman, kahit paano ay sinagot ang layunin ng pag-aaral. Sa kritikal na pagbasa, ang mga imahen ay sinuri at tinalakay gamit ang semyotikong pagsusuri ng sining. Masasabing ang produksiyon ng mutya bilang anyo ng sining ay dumaan sa pagiging inobatibo, transmedia, at translokal. Ang mga katangiang ito ay umugnay sa ambag sa larang ng aralin sa sining, sosyolohiya, at kasaysayan. Sinikap ng pag-aaral na tuparin ang pagtawid sa mga tinukoy na disiplina. Sa ganitong kalakaran ay isiniwalat na ang larawan ng mutya ay tuwirang nakaranas ng transpormasyon at modipikasyon sa pangunguna ng mga lokal na pormasyon at dominasyon. Sila ang nagtanghal sa Mutya ng Pasig bilang opisyal na logo, kultural na aktibidad, mga patimpalak sa kagandahan, at mga pagkilala.

Hindi matatawaran kung titingnan ang kasaysayan ng Pasig, makikita natin na ang mismong imahen ng Mutya ay ginamit bilang isang makapangyarihan at mabisang kasangkapang pang-ideolohiya para sa pagpapatahimik at paghahari sa kultura at lipunan ng Pasig. Sa pamamagitan ng pagkonsumo ng imahen at imahen ng Mutya naipon at tinatanggap ng mga tao ang iba't ibang ideolohiya at kaalaman. Sa pangkalahatan, pinalalakas ng gawaing ito ang ideya na ang sining ay isang *signifying practice*. Ibig sabihin, ang sining ay maaaring puhunan ng mga kahulugan ng lokal o maging sa labas ng mga dominasyon upang magtrabaho para sa mga interes at politika sa loob ng lokalidad at/o kahit para sa bansa.

**Mga Susing Salita: hegemonya, kuwentong bayan, lokal na kasaysayang pansining, mutya, Pasig**

*The study traces the beginning of the use of the image of the "Muse of Pasig"—how it was interpreted and the notion surrounding it. The study posits that the local elite, government, and civic organizations used the image of the muse in the context of its identity production. The image has been politicized and reinforced by the political and ideological relationship between art and social dominance. It is an analysis of hegemony.*

Copyright © 2023 by De La Salle University

*With primary and secondary streams from the knowledge fields, the objective of the study was somehow answered. In the critical reading, the images were analyzed and discussed using the semiotic analysis of art. The production of the image of the muse as an art form can be said to be innovative, transmedia, and translocal. These qualities led to contributions in art, sociology, and history. The study seeks to traverse across disciplines. In this trend, it is revealed that the image of the muse directly experienced transformation and modification through local formations and dominance. They exhibit the Muse of Pasig as the official logo, in cultural activities, beauty pageants, and recognitions. It is undeniable that if we look at the history of Pasig, we can see that the very image of the Mutya has been used as a powerful and effective ideological tool for pacifying and dominating the culture and society of Pasig. By consuming the image of the muse, people accumulate and accept different ideologies and knowledge. Overall, this work reinforces the idea that art is a signifying practice. That is, art can be invested with meanings of the local or even outside their domain to work for the interests of and the politics within the locality and/or the country.*

***Keywords:*** *folklore, hegemony, local art history, Mutya, Pasig*

## PANIMULA

Ang Mutya ng Pasig ay piniling simbolo na kumakatawan sa Bayan ng Pasig. Isa itong popular na kaalamang bayan na nakaugat sa ilog na bumabaybay rito. Ang Mutya ng Pasig bilang katutubong kaalaman at paniniwala ay kinilala bilang Ina ng Katubigan. Siya ang tagapangalaga at gumagabay sa Matandang Katagalugan, isang kabihasnang nakaugat sa katubigan (Odal 127). Batay sa sapantaha, siya rin ay may kakanyahang magbagong-anyo bilang bato, buwaya, butiki, ahas, pagong, bangka, nimpa, engkantada, ada, espiritu, at iba pang anyo at karakter na nakaugnay sa katubigan (Odal 127–128). Sa kabilang banda, nang pumasok ang kolonisasyon, pinaniniwalaang nawala ang mga kuwentong bayan dala ng pagsasailalim sa kapangyarihan ng mga kolonisador.

Noong ika-20 siglo, ang mga kasabayan ni Rizal, kinolekta at sininop ang mga kaalamang bayan upang sa gayon ay hindi malimutan ng mga susunod na henerasyon at maibsan ang pangungulila sa nasirang paraiso o ang bansang Pilipinas (Mirano 108–109). Ang kuwento ni Mariang Makiling ay nailathala ni Jose Rizal noon sa *La Solidaridad*. Pinaniniwalaan at ayon sa tala ay may direktang kaugnayan si Mariang Makiling kay Mutya ng Pasig dahil sa kamalayang pantubigan na nag-uugnay. Ayon sa kuwento, Si Mariang Makiling ay may kakayahang magbagong-anyo bilang sirena at nimpa ng katubigan, binibisita niya ang bayan ng Pasig (Rizal 222). Samantala, ang bayan naman ng Los Baños ay kinikilala si Mariang Makiling bilang tagapangalaga ng Lawa ng Laguna (Majerano 88–90). Ayon sa sanaysay ni Mirano na "Search for the Princess," ang awiting Mutya ng Pasig na kinatha ang liriko ni Deogracias Rosario at nilapatan ng musika ni Nicanor Abelardo ay halimbawa ng pagpapatuloy sa nasimulang pagbabalik sa katutubong nakaraan (108–109). Upang higit na kilalanin ang kalagayan at maging matibay ang sariling kaakuhan sa harap ng bagong pananakop ng mga Amerikano (Mirano 109). Hindi lamang taglay ng musika ang kariktan sa anyo ngunit sa nilalaman, ay ideolohikal at politikal ang signipikasyon, na wika ni Abelardo: "The nationalism of our music is so important that it merits more than a passing notice" (Navarro 47). Kaya mahihinuha na sa titik at musika ng Mutya ng Pasig ay tuwirang naipakikita at naipadarama ang pag-ibig sa bayan sa tulong ng alegorya ng ina o iniirog ng bayan (Navarro 47; Mirano 108–109). Sa inaasahan, mula sa ganitong usapin ay lubos pang magbabagong-anyo ang mutya sa iba't iba nitong artistikong ekpresyon at bilang pagkakaugnay sa sosyo-historikal-politikal na prosesong pinagdaanan ng Pasig.

Sa usapin ng pagiging isang ganap na tradisyon ay inilihis nang bahagya ang pagiging kuwentong bayan at musika ng Mutya ng Pasig sapagkat nagkaroon ito ng mga panloob at panlabas na mga impluwensiya. Dito ay mas nais tukuyin at suriin ang mga partikular na karanasan, kaalaman, at kaganapan sa Pasig. Sa pamamagitan nito, mauunawaan kung papaano ang mga panahong mula 1901 hanggang 1940 ay binigyang larawan at pagpapakahulugan ang mutya sa bayan ng Pasig. Sa pamamagitan ng matiyagang arkaybal na pamamaraan ay sininop at sinuri ang mga datos na


sumasagot sa layunin ng proyekto. Sa pagbabasa sa mga imaheng nakalap at sinuri (Guillermo 5–16) ay ipinamalas ang pagiging "inobatibo, transmedia, at translokal" (Flores 40), sa pagtatangkang ugatin at iugnay sa mga nakalap na batis. Kaya ito na marahil ang mahalagang ambag ng saliksik sa disiplina ng aralin sa sining na pag-ugnayin at patawirin dito ang iba pang larang gaya ng kasaysayan at sosyolohiya. Dahilan upang isiwalat na ang larawanng mutya ay tuwirang nakaranas ng transpormasyon at modipikasyon sa pamamagitan ng mga lokal na pormasyon at dominasyon. Dahil dito, naitanghal ang Mutya ng Pasig bilang opisyal na sagisag, mga kultural na aktibidad, mga patimpalak sa kagandahan, at mga pagkilala.

Sa usapin ng artistikong ekspresyon ng mutya ay hindi lamang nagmumula sa artista o ordinaryong indibidwal ang kahulugan at halaga nito kundi buhat at higit sa partikular na interes at kapangyarihan ng elit sa lipunan. Pumapaloob dito ang paksa at usapin na ang Mutya ng Pasig bilang artistikong ekspresyon ay isang lantarang komodipikasyon: pumapaloob ito sa pagpupundar at pagpapahalaga ng kapital, panahon, at kapangyarihan ng nasabing pormasyon at dominasyon sa lipunan. Sa madaling sabi, ang moda ng sirkulasyon ng larawan ng mutya para sa manonood o tumatanggap mula sa pagiging kaalamang bayan patungo sa iba't ibang artistikong ekspresyon ay isang gawaing pampolitika at pang-ideolohiyang usapin (Flores at De La Paz 2). Tiniyak ito ng mga pormasyon at dominasyon upang itakda at tukuyin ang kahulugan at halaga ng mutya sa samotsaring makasining na anyo at pagpapahayag. Kaya sa huli, lumalabas na ang bawat larawan ay pagtatanghal ng kanilang kapangyarihan, isang malawak na kapangyarihan o hegemoniya na siyang nagpapatingkad at nagpapalakas sa samotsaring kaalaman, pananaw, paniniwala, at gawi para sa manonood ng sining.

### *Ang Ilog at Bayan ng Pasig*

Ang katawagang *pasig* ay maaaring tukuyin bilang ilog at bayan at/o lungsod. Sa aktuwal, mas kilala ito bilang isang ilog na matatagpuan sa Kamaynilaan. Ang Ilog Pasig ay may habang 25 kilometro. Ang katubigan na nagdurugtong sa Look ng Maynila at Lawa ng Laguna. Napapaikutan ito ng mga bayan at lungsod. Sa hilaga ay ang mga lungsod ng Quezon at Marikina; sa silangan ang mga bayan ng Cainta at Taytay, Rizal; sa kanluran ang lungsod ng Mandaluyong at sa timog ang bayan ng Pateros, at mga lungsod ng Taguig at Makati (Pasig Profile 2007 3). Isinilarawan ang ilog bilang "maigsing ilog ngunit mahaba ang kasaysayan at kapakinabangan" (Ocampo 7). Sa pamamagitan nito, ang pag-unlad ng ekonomiya at pangangalakal noon pa man sa mga pamayanan, karatig-pook, at lalawigan sa Timog Luzon ay naimpluwensiyahan ng ilog (Salita 146; Reyes 29). Nakadugtong dito ang iba pang katubigan gaya ng Ilog ng Marikina, Ilog San Juan, Ilog Sta. Ana, Ilog ng Pateros at Taguig at isama na rin ang Manggahan Floodway, at ang 17 estero o kanal na nasa loob mismo ng Pasig (Reyes 28 at Pasig Profile 2007 2). Isa rin itong lagusan at lunduyan ng mga pamanang kultura na humubog sa mga katutubong paniniwala, pananaw, kaalaman, kaugalian, gawi, at iba pang bagay at idea na nakaugat sa kamalayang pantubig. Gaya halimbawa, may ilang kasabihan ang matatanda sa Pasig na walang sinumang lumabas o pumasok sa bayan na hinding-hindi tatawid ng ilog sa pamamagitan ng mga tulay o pagsakay ng bangka sa mga tawiran. Kasama na rin na noong malinis pa ang ilog, kakikitaan ito ng masasayang batang naliligo, kababaihang naglalaba, at matatandang nagpapahinga at nangingisda sa tabing-ilog. Ngunit dahil sa hindi na puwedeng gawin ang mga ito, hanggang sa mga kuwento at kasabihan na lamang, at bilang anyo ng pangarap na muling buhayin ang ilog ng kasaysayan (Pasig Profile 2007 3). Kaya nga marahil naging daan din ang muling-pagsilang, pagbabanyuhay, at popularidad ng Mutya ng Pasig sa iba't ibang anyo nito sa mundo ng sining dahil upang kahit papaano ang magkaroon ng pagbabalik-tanaw sa nakaraan ang naghahangad ng kaakuhan ang kasalukuyang kalagayan at tungo sa ganap na pag-unlad sa hinaharang Pasig.

Sa ngayon, ang Pasig ay isa sa mga lungsod na bumubuo sa Kamaynilaan. Ito ay matatagpuan sa silangang bahagi ng Kalakhang Maynila. May sukat ito na 3,100 ektaryang lupa o 4% ng kabuuang *land area* ng Kalakhang Maynila. Ang Pasig ay may isang Congressional District at klasipikado rin bilang Highly Urbanized City. Tatlumpung (30) barangay ang bumubuo rito. Ito ang mga barangay ng Bagong Ilog, Bagong Katipunan, Bambang, Buting, Caniogan, De La Paz, Kalawaan, Kapasigan, Kapitolyo, Malinao, Manggahan, Maybunga, Oranbo, Palatiw, Pinagbuhatan, Pineda, Rosario, Sagad, San Antonio, Sa Joaquin, San Jose, San Miguel, San Nicolas, Sta. Cruz, Sta. Rosa, Sto. Tomas, Sta. Lucia, Santolan, Sumilang, at Ugong (Pasig Profile 2007 2–3).




*Lumang Mapa* (larawan mula sa UP Main Library Filipiniana Collection). Makikita rito ang mga lumang bayan na bahagi ng kolonisasyong Kastila. Kabahagi rin dito ang mga kalupaan at katubigan.

Tinatayang bago pa dumating ang kolonisasyong Kastila ay may maunlad na pamayanan sa pampang ng Ilog Pasig. Sa taong 1572, itinatag ang parokya ng Pasig sa pangunguna ng misyong Agustino. Naging kabahagi ang Pasig sa ilang pag-aalsa at sa Rebolusyong 1896. Sa pagsasakatuparan naman ng Philippine Act No. 137 noong 1901, naging bahagi at kabisera ito ng bagong lalawigan ng Rizal. Nasira noong panahon ng giyera at lumaya sa mga mananakop. Samantalang pagsapit ng taong 1975 ay nahiwalay ito sa Rizal at naging bahagi ng binuong Metro Manila Commission alinsunod sa Presidential Decree No. 824. Nang maisabatas ang Republic Act 7829, kinilala ang Pasig bilang isang ganap na lungsod noong 1994. Sa kasalukuyang panahon ito ay tinaguriang "Pasig Green City" (Pasig Profile 2007 2–4).

*Banyuhay ng Mutya: Mula Dalumat Patungo sa Iba't Ibang Artistikong Ekspresyon*

Sa Ilog Pasig, umusbong at umunlad ang mga pamayanan at kalinangang nakaugat sa katubigan. Ang taglay na kariktan ng ilog ang naging balon ng mga katutubong kaalaman at paniniwala. Dahilan para magluwal ito ng mga kuwentong bayan at salaysayin tungkol sa konsepto o ideya ng mutya.

> Sa talasalitaan ng mga Tagalog, ang salitang mutya ay may literal na kahulugan bilang "perlas," at tumutukoy din bilang "hiyas," "gayuma," at "anting-anting." Sa kaalamang bayan, ang mutya ay isang "babae," "paraluman," "isang diyosa ng ilog, lawa, batis, dagat at karagatan." Sa madaling sabi, siya ang "Inang Katubigan." Ang espiritung nangangalaga sa mga katubigan, ang mutya ay pinaniniwalaang may kakayahang magbagong-anyo bilang "buwaya," "ahas," "bayawak," "butiki," "bato," "sasakyang pantubig," "buwan," "pagong," "ada," "nimpa ng katubigan," engkantada ng ilog" at iba pang anyo. (Odal, 128–129)

Pinaniniwalang nilinang at pinagyaman ang konsepto o ideya ng mutya sa Katagalugan bago pa man pumasok ang kolonisasyon at nang lumaon ay nawala. Nang sumapit ang ika-20 siglo, sa pangunguna ng henerasyon nina Rizal, kinolekta at sininop nila ang mga kaalamang bayan upang hindi malimutan at magpatuloy pa sa mga susunod na henerasyon o salinlahi ang mga ito (Mirano 108–114). Kaya mula rito, sinikap na buhayin at pasiglahin ang produksiyon ng larawan na naging simulain hanggang sa kasalukuyang panahon. Sa kritikal na pagsusuri, napakahalaga ng mga ambag ng lokal na dominasyon at pormasyon upang muling isilang, magbagong-anyo, at maging popular ang Mutya ng Pasig sa iba't ibang artistikong ekspresyon at pagpapakahulugan dito.

Sa isang banda, sa mga pag-aaral ni Grace Odal, dinadalumat at kinikilala niya ang Mutya ng Pasig bilang Diyosa ng mga Tagalog. Aniya, siya ang tagapangalaga at gumagabay sa mga ninunong naglinang ng kulturang nakaugat sa katubigan (Odal 127). May kakayahan ayon sa kaniya na magbagong-anyo ito batay sa mga kuwento, salaysayin, at paniniwala. Isang malaking dahilan upang kilalanin ni Odal ang mutya bilang 'Diyosa ng mga Katubigan' at maging 'Ina ng Buhay' (Odal 127–128). Gayunman, mahalagang sipatin na mula sa simpleng kuwento o salaysayin o pagkilala bilang karakter ng katubigan, ang usapin ng paggamit at pag-angkop dito sa iba't ibang artistikong ekspresyon ay dumaan sa masalimuot na proseso ng medyasyon o sa pamamagitan ng mga puwersang panlipunan ng partikular na kasaysayan at karanasan (Flores & De La Paz 108; Barthes 109; Majerano 56–57). Samakatwid, ang bawat artistikong ekspresyon ng mutya ay pagpapamalas at pagpapahayag ng partikular na interes at namamayaning ideolohiya sa lipunan. Ang pagtamasa nito bilang bahagi ng kultura ay mahalagang tandaan na pumasa sa panlasa ng mga nag-aayos ng

nasabing lipunan at pabor sa kinatatayuang kasaysayan (Barthes 109–110). Kaya sa puntong ito, mahalagang sagutin at talakayin ang mga katanungan: Papaano binigyang representasyon ang larawanng mutya sa iba't ibang artistikong ekspresyon mula noong 1901 hanggang 1940? Ano-anong artistikong ekspresyon ang nagpatotoo sa muling-pagsilang, pagbabagong-anyo, at popularidad ng larawan ng mutya na bitbit ang natatanging kahulugan at espesipikong konteksto? Bakit mahalaga ang mga ito bilang bahagi ng lipunan at kultura na isinaayos ng namamayaning ideolohiya at interes?

Ang agarang sagot sa mga tanong na ito ay maaaring sipatin ang mutya.

*Sa Selyo ng Lalawigan ng Rizal*

Ang pamahalaang bayan ng Pasig ay ginamit ang selyo ng Lalawigan ng Rizal simula noong ito ay naging kapitolyo ng lalawigan, mula noong 1901 hanggang sa kalagitnaan ng dekada '70. Ang Pasig noon ay walang sariling selyo kaya ito ang ginamit ng pamahalaan. Makikita sa sentro ang larawan ni Jose Rizal na kumakatawan bilang pambansang bayani at sa kaniya isinunod ang pangalan ng lalawigan. Ang likurang bahagi ni Rizal ay nahahati naman sa apat na bahagi. Sa ibabang kaliwang bahagi, makikita ang larawan ng isang babae na kumakatawan bilang mutya ng ilang na sumasagisag sa kasipagan ng mga magsasakang kababaihan sa mayamang sakahan ng Rizal. Sa itaas na kaliwang bahagi ay masisipat si Andres Bonifacio bilang kumakatawan sa Sigaw sa Balintawak. Ito rin ay pagmamalaki sa mahalagang ginampanan ng lalawigan noong Rebolusyong 1896. Sa itaas na kanang bahagi, masisipat ang bulubunduking kaaanyuan ng Rizal na pagpapahalaga sa yamang-likas na angkin. Habang makikita naman sa ibabang-kanang bahagi ay ang Lawa ng Laguna at iba pang katubigang dumadaloy sa lalagiwan noon. Dito rin nakatanghal ang isang mutya na sa anyong sirena na nagpapahiwatig bilang tagapangalaga ng mga katubigan.

*Sa Provincial Carnival at Industrial Fair*

Noong unang bahagi ng ika-20 siglo, gaya ng nabanggit, ang Pasig ay naging kabisera ng lalawigan ng Rizal. Sa petsang Hunyo 5, 1901 ay isinakatuparan ito batay sa pagpasa ng Philippine Commission Act No. 137. Sa loob ng mahigit na 20 taon ay sinikap ng lokal na pamahalaan na nasa pamumuno ng mga Amerikano at kaalyadong lokal na elit at kasama ang mga mamamayan na paunlarin ang bayan. Ilan sa mga pagsisikap ay ang pagkakaroon ng masiglang pampublikong edukasyon, kalusugan at sanitasyon, masiglang pagbubuwis at mabilis na komunikasyon at transportasyon, aspektong hudisyal at matatag na mga pasilidad at impraestruktura, at maalwan na tubig at linya ng mga kuryente (Abinales & Amoroso 119; Reyes 84–105).




*Ang Selyo ng Lalawigan ng Rizal* (mula sa Pasig City Museum Digital Photo Collection). Ito ang ginamit na selyo ng Pasig ng maging kapitolyo ito ng lalawigan ng Rizal mula noong 1901 hanggang 1975. Makikita rito ang dalawang imahen ng mutya, sina Jose Rizal at Andres Bonifacio, at ang kalupaan at katubigan ng lalawigan.

Nang sumapit ang mga taong 1920 hanggang 1941, kinilala ang lalawigan ng Rizal at maging ang bayan ng Pasig bilang First Class Province and Town. Sa panahon ding ito, ang pagsulong ng bayan sa landas patungo sa direksiyon ng pag-unlad (Reyes 111). Ayon sa saliksik ni Reyes, nagsimulang mamulat ang mga mamamayan at pamunuan ng bayan sa potensiyal ng bayan bilang kabisera ng Rizal at kalapit ng Maynila (111). Ang pag-unlad ay nakasandig sa paglago ng lokal na kita. Dahil na rin sa pagpupursigi ng mga naging *municipal president* ay nakamit din ng Pasig ang pinapangarap nitong kaunlaran sa mga huling taon ng dekada 30 (Reyes 111–112).

Noong manungkulan bilang pinuno ng bayan si Jose M. Perez (1925–1928), binigyang pokus niya ang internal na pag-unlad ng Pasig kaysa mga hayag at pisikal na mga proyekto. Ang pagtitipid ang siyang naging pangunahing programa ng lokal na pamahalaan, kanilang itinaguyod upang mabayaran ang utang ng munisipalidad sa Pamahalaang Insular (Reyes 114). Sa kaniyang pamumuno rin isinaayos ang bagong tayong Kapitolyo bilang sentro ng pampamahalaang panlalawigan. Itinayo ito sa pampang ng Ilog Pasig na dinugtungan ng tulay patungong Malapad-na-Bato o sa Fort McKinley sa Makati. Isang mahalagang pangyayari katulad ng naganap sa Maynila, sa mismong Neoklasikal na Kapitolyo ay isinagawa ang isang Provincial Carnival at Industrial Fair. Ito ay isinakatuparan upang paunlarin ang Pasig at higit ang Lalawigan ng Rizal sa pamamagitan ng pagpapatampok sa mga lokal na produkto at serbisyo (Reyes 114; Majerano 55–56). Halos katulad din ng kalagayan sa mga naganap na Manila Carnival, lahat ng mga produkto't serbisyo na mula sa iba't ibang bayan na sakop ng lalawigan ay ipinagbili at nagsilbi sa mga taga-Maynila at mga kalapit na bayan at lalawigan (Wow Philippines tal. 1–2). Noon din ay nilahukan ang Pasig Carnival ng mga dalagang "sakay-sakay ng mga karosa at ipinarada, at sa gabi, sa saliw ng musika at indak ng mga ilaw, nagmistula silang mga maharlika sa naganap na pagtitipon" (Wow Philippines tal. 6–7). Mula sa isang kuwentong bayan, sa kauna-unahang pagkakataon ay kinilala si Sultana Kalangitan ng Pasig. Siya ang sinasabing titulong ibinibigay sa mga nananalong may mababang puwesto sa patimpalak. Siya ay iniulat at isinalarawan noon sa Manila Carnival bilang:

> *First Sultana del Pasig—Consuelo Agrava—was handpicked by city officials for her very apt beauty. As "El Renacimiento" reported, Miss Agrava, was "truly of the Sultana type, dark, with ojos de sulamita" (eyes of a peaceful woman). A spectacular float was made by her city exclusively for her, an Oriental pagoda featuring native nymphs positioned up front, in the act of rowing. Over the boat, large "tutubis" or dragonflies hovered around her, coming to life as the carroza was driven at the Hippodrome. At the poop deck—the topmost part of the float Consuelo did not sit but reclined on a lounge—the dramatic pose of the sultana elicited much applause from an awestruck crowd.* (par. 5)

Sa dalawang carnival at industrial fair na naganap ay sinasabing "nabato-balani" si Nicanor Abelardo sa mitolohikal at mistikal na lumipas ng isang "Mutya ng Pasig." Siya ang pinaniniwalaang kuwentong bayan na kakabit ng Ilog at nawala noong pumasok ang kolonyalismo ng mga banyaga sa Pilipinas (Bañas 81; Epistola 58; Santos 10). Sa taong 1926 ay iulat ng Manila Blogspot:

> *Throughout the years of the Carnival, the Carnival muses inspired artists to compose kundimans, danzas, love songs and other musical pieces as melodic tributes to the fair royalties. Music sheets were issued in honor of Queens Luisa Marasigan*, *Monina Acuña and Guia Balmori but even outstanding provincial delegates were honored with songs composed and published by ardent admirers.* (Castro tal. 18)

Ngunit gaya nang nabanggit sa itaas, para naman sa karnabal, ang mga titulo ay tipikal na kahulugan bilang musa o paraluman ng bayan. Ang titulo bilang musa ng bayan ay nakamit ng dalagang kinoronahan bilang "Rizal Carnival Queen," si Remedios Santos ang nakasungkit ng titulo bilang Miss Rizal. Siya rin ang naging kinatawan ng lalawigan noong 1st National Beauty Contest sa Manila Carnival (Castro tal. 16). Si Remedios ay inilarawan bilang "a dreamy-eyed mestiza beauty who went to Manila for the pageant." Nang kasunod na taon, isa ring mestiza na si Encarnacion Ibañez ang kinilala bilang Miss Rizal. Siya naman ay kinilala bilang "Enchanting Encarnita." Mula sa mga musa ng bayan, sinasabing inspirasyon upang kathain ni Deogracia Rosario ang titik at likhain ang musika ni Nicanor Abelardo ang isang kumintang na Mutya ng Pasig (Bañas 81; Epistola 58; Santos 10). Ito ay nakaugat sa katutubong kumintang na naiulat na pambansang sayaw at awit ng mga binyagan sa kapuluan. Isang awit ng pakikidigma, isang verso sa akda ni Balagtas, at sayaw sa tuwing may kasalan sa isang pamayanan (Bañas 81; Mirano 94–114). Nang lumaon ay kinilala bilang imortal na kundiman sa huling yugto ng kolonyalismong Kastila at pagpasok ng pananakop ng mga Amerikano ay isang uri ng awit ng pag-ibig sa sarili, irog o minamahal, at sa bayan (Bañas 81; Mirano 111–112). Taglay ng Mutya ng Pasig bilang musika ang mitikal na nakaraan ng bayan na puno ng karangyaan na sa huli ay naglaho (Mirano 108, Bañas 81, Epistola 58, Santos 10). Tinilakay ni Mirano ang musikang ito bilang nakaugat sa:

> …pagtanaw sa mga panahong nabuo sa diwa ng mga ama ng bansa ang paniniwalang ang Filipinas ay nawawalang Eden, na sinira ng mga mananakop, at sinisikap na muling ibangon. Upang masimulan ang pagbangong ito, naghanap ang henerasyong ito ng mga iniwang bakas ng nakaraang gintuang panahon, na anila'y nangyari bago masakop ang Filipinas ng mga Kastila. Sina Jose Rizal at ang kaniyang mga kasabayan ang siyang nagsimulang magsinop ng mga kuwentong-bayan—kuwento, alamat, musikang kahit-papaano'y nanatiling buhay sa kabila ng apat na daang taon ng pagkakasakop sa bayan. (108)

> Dagdag pa ni Mirano,
> Bagama't sa panahon nina Abelardo, ang tunguhing modernidad sa mga musika at panitikan ay hindi kaniyang niyakap. Samantalang ang kasalukuyang iskolar at kritiko ng musika, ang silang nagbigay-interpretasyon na ito ay nasa anyong moderno. (162)

Noong itinanghal ang awit ay siya ring bahagi ng mga taong binubuo natin ang konsepto ng bansa o nasyon at pambansang kaakuhan. Mahalaga ang mga katutubong anyo ng musika at panitikan upang maging basehan at daluyan nito (Mirano 109). Kaya nga napakahalaga ng Pasig bilang ilog at/o bayan para pagsalukan ng mga kaalamang bayan sa nais nina Rosario at Abelardo na muling buhayin ang maringal na lumipas na sinira ng mahabang kolonisasyon (Mirano 108). Dahil dito, "para naman sa susunod na henerasyon, nabuhay noong panahon na ng mga Amerikano…nariyan ang pagpapatuloy ng musika tungkol sa nawawalang paraiso" (Mirano 108). Kagyat na kanilang nasimulang modelo ng muling pagbangon at pagpapatuloy sa paggamit at pag-angkop sa kuwentong bayan ang tuwirang simulain sa hinahangad na pagka-bansang Pilipinas (Mirano 108; Navarro 88). Mababanaag ito sa daloy ng kuwento ng musika, mula sa pagsilang patungong kamatayan at sa muling pagkabuhay ng 'Mutya' na sumisimbolo bilang "Ina ng bansang Pilipinas."

Mutya ng Pasig

Titik ni: Deogracias Rosario
Musika ni: Nicanor Abelardo

Kung gabi ang buwan sa langit
Ay nakadungaw…
Tila ginigising ng habagat
Sa kaniyang pagtulog sa tubig…
Ang isang larawang puti at busilak
Na lugay ang buhok na animo'y agos
Ito ang Mutya ng Pasig
Ito ang Mutya ng Pasig
Sa kaniyang pagsiklot
Sa maputing bula
Kasabay ang awit
Kasabay ang tula…
Dati akong Paraluman
Sa kaharian ng Pag-ibig
Ang pag-ibig nang mamatay
Naglaho rin ang kaharian…

Ang lakas ko ay nalipat
Sa puso't dibdib ng lahat
Kung nais n'yong akong mabuhay
Pag-ibig ko'y inyong ibigay
Pag-ibig ko'y inyong ibigay

*Ang Popularidad ng Mutya*

Ang pagkilala sa awiting "Mutya ng Pasig" ay nagbigay-daan upang higit pang maiparanas at maipaalam ang konsepto ng pagkabansa at ng pambansang kaakuhan. Sa pamamagitan ng mga kultural na industriya ay nagbunsod ito sa popularidad ng awit na isinulat at kinatha nina Abelardo at Rosario. Umagapay rin dito ang iba pang estruktura ng lipunan (gaya ng lokal na pamahalaan) para lumikha ng mga magkakasalungat na signipikasyon at kontrolin ito (Guillermo, et al. 81–86). Pinatotohanan ito upang lubos pang kilalanin sa nasyonal at lokal ang obra ng manunulat at musiko, ayon kay German:

> Dapat lamang na ipagmalaki at ipagbunyi ng sambayanang Pilipino ang mga kontribusyon ni Maestro Abelardo sa sining at larangan ng musika. Mananatili siyang huwaran sa paglikha ng Musikang Pilipino na walang kamatayan tulad ng…Mutya ng Pasig at marami pang iba. Hindi siya malilimutan sa larangang ito, ang tatak na Nicanor Abelardo ay mananatili nang nakaukit sa bawat puso ng mga Pilipino. (22)

At sinusugan pa ni Atang De La Rama, batay sa ulat pa rin ni German:

> Noong kapanahunan ni Abelardo ay sinasabing makabago ang estilo niya subalit napakaganda nito, at may buhay. May nagsabing huwag na huwag aalisin o pupunan ito, ganito ang sinasabi ni Atang De La Rama, kailangan daw na awitin ito nang buong-buo at walang kulang tulad daw halimbawa ng Mutya ng Pasig na ang bawat himaymay raw nito ay kailangan. Naibalita raw sa kaniya ni Abelardo na ito ay kinatha niya habang siya'y nakasakay sa isang lunday o baka sa ilalim ng tulay sa ilog Pasig at matahimik niyang pinakikinggan ang mga lagaslas ng agos ng tubig at iba't ibang awit at himig ng mga namamangka at mangingisda na siyang inspirasyon sa paglikha nito. Kung kaya't ang isang nota nito ay totoong mahalaga sa buhay at diwa ng komposisyong ito habol pa ng Reyna ng Kundiman na si Atang De La Rama. (22-23)

Sa mga panahon ng 1910 hanggang 1930 ay umusbong at sumikhay ang komersiyalisasyon ng mga musika, sining, at panitikan (Guillermo, et al. 81). Sa pamamagitan ng mga ilustrasyon ay binigyang pagsasalarawan ang iba't ibang anyong sining at partikular ang mga musika at dula (Guillermo, et al. 81). Isa na rito ang musika nina Rosario at Abelardo. Nilikha ni Vicente Dizon ang pabalat ng piyesa ng Mutya ng Pasig.







*Si Miss Rizal* (nasa kaliwa, mula sa website ng Manila BlogSpot: http://manilacarnivals.blogspot.com/search?q/generalinfo). Ang larawan ni Encarnacion Ibañez, isang mestiza mula sa lalawigan ng Rizal. Siya ang kinatawan noong 2nd National Beauty Contest (Manila Carnival) 1927 na ginanap sa Maynila. *Ang Poster ng National Beauty Contest* (nasa kanan). Ito ang ginamit na poster ad ng kauna-unahang patimpalak sa pagandahan noong 1920s. Makikita rito ang iba't ibang larawan ng kababaihang lumahok.

*Sa Likha ni Vicente Dizon*


Si Vicente Dizon ay tubong Pampanga. Naging guro siya ng sining sa Unibersidad ng Pilipinas at iba pang pamantasan sa Kamaynilaan. Naglingkod siya bilang ilustrador sa *Liwayway Magazine* sa mahabang panahon. Ang kaniyang mga ilustrasyon ay inilarawan bilang, "the line drawings in ink are clear and clean, true perspective and context, though there is some stiffness or hardness in them" (Manuel 229). Kasabayan niya rin si Fernando Amorsolo na gumuhit ng mga "tanawin na eksotiko… mga magsasakang nagtatanim ng palay sa bukid, mga dalagang may dala-dalang bilao ng mga prutas, mga paisahe ng tropical na kapaligiran" (Guillermo, et al. 81). Ang kanilang mga sining biswal ay naging pabalat ng mga magazine, piyesa ng musika, ads, aklat, kalendaryo, at iba pa. Isa sa mga napakagandang halimbawa na kaniyang nilikha ay ang pabalat ng piyesa ng "Mutya ng Pasig."

Masisipat sa likha ni Dizon ang isang babaeng may mahabang buhok na nakalugay, nakaupo sa pampang ng ilog sa ilalim ng kabilugan ng buwan, at ang kaniyang hintuturo ay nakadawdaw sa tubig; siya ang pagsasakatawan sa mahiwagang pigura ng Mutya ng Pasig. Mapapansin sa gawing kaliwa ang mga linyang kumakatawan sa 'paggising sa kaniya ng hanging habagat.' Ang kaniyang nilulubugang tubig ay pagsasakapangyarihan ng katutubong kalinangan ng mga Tagalog. Hindi lamang siya nakangiti sa manonood, ang kaniyang pag-awit ng nakapagandang matandang kumintang na nang lumaon ay naging kundiman, ay siyang nagtatanghal ng maringal na nakalipas ng bayan. Ang damit ng Mutya ng Pasig ay mapapansing tipikal na kasuotan sa Carnival na siyang kumakatawan bilang musa o paraluman ng bayan. Noong 1926 sa Lumang Kapitolyo sa pampang ng ilog ay siya ang dalagang "sakay-sakay sa karosa, ipinarada sa patimpalak at sa gabi, sa saliw ng musika at indak ng mga ilaw, nagmimistula siyang maharlika" (Wow Philippines tal. 6–7). Kasabay ng pagkilala bilang mutya ng bayan ay pagbibigay-daan at halaga upang ipagpatuloy ang inaasam na kaunlaran

ng Pasig at ng buong Lalawigan ng Rizal. Bagama't para naman kina Rosario at Abelardo, ang mutya ay kumakatawan sa pangarap o hinahangad na muling ibangon ang nawawalang kaharian ng Katagalugan o higit ang buong kapuluan ng Pilipinas (Mirano 108). Sa isang bahagi, ang kabuuang larawan ng mutya ay mapanghamong pagbabalik sa nakalipas para ang kanilang kasalukuyan ay manatiling matatag sa harap ng bagong pananakop ng mga Amerikano.

Pinatotohanan ng likha ni Dizon na ang verbo ay binigyang anyo batay sa mistikal at mitikal na kuwento ng mutya. Kaya sa pamamagitan nito, aangkinin ang lubos pang pagbabagong-anyo at pagpapakahulugan ayon sa pagpupundar at pagpapahalaga ng mga susunod na pinuno ng bayan, alagad ng sining, mananalaysay, at maging ng simpleng mamamayan. Samakatwid, kumikilos na ang mutya bilang balon ng samotsaring signipikasyon at pagsasakapangyarihan ng ideolohiya, pananaw, at kaalaman.

*Ang Pabalat ng Musikang "Mutya ng Pasig"* (larawan mula sa UP Music Library Collection). Nakatanghal ang representasyon ng mutyang muling-binuhay ayon sa mga haraya nina Deogracias at Abelardo. Binigyang hustisya ito ni Vicente Dizon halaw sa paghahanap sa nawawalang nakaraan ng Filipinas at muling ibinabalik sa harap ng hamon ng bagong mananakop.




*Sa mga Lokal na Patimpalak sa Kagandahan at mga Pagkilala*

Naging hudyat ang awiting "Mutya ng Pasig" upang higit na yumabong at magbagong anyo ang larawan nito. Naipamamalas sa pamamagitan ng mga kultural na industriya katuwang ang mga dominasyon at pormasyon sa lipunan ang mga kaambangan sa kahulugan, pagpapahalaga, at kaalaman dito. Ang pagkakaroon ng iba pang bersiyon ng Carnival patungo sa mga beauty contest na ang signipikasyon ay kakabit ang "kapilipinuhang pananagisag na may katutubong lumipas." Ayon sa ilang tala, ang "Mutya ng Pasig" bilang patimpalak ay sinasabing nagsimula noong mga dekada '30 at nawala sa ilang dekada lalo na noong panahon ng giyera. Ito ay isang tradisyong namamatay at muling binubuhay sa pangunguna ng lokal na pamahalaan at elit at iniuugnay sa mahahalagang kaganapan sa kasaysayan at pangkalinangang pangangailangan (Hobsbawm 1). Sa tulong ng mga lokal na elit sa Pasig ay naisagawa ito sa panahon ng kapistahan ng mga banal at bayani. Sila kadalasan noong mga panahong iyon ang nagiging hermano mayor o pangunahing isponsor ng bawat patimpalak at kaugnay na mga kultural na aktibidad.

Ang bawat patimpalak at ilang kultural na aktibidad ay nagdulot ng pagkakaisa at pagbubuklod sa bayan. Noong 1933 ay itinanghal ang Pasig Varsity Annual, Patimpalak sa Pagkaparaluman sa Araw ni Balagtas at Virginia I Carnival Queen. Naipamalas dito ang mga natatanging angking kagandahan at katalinuhan ng kababaihan na kinilala sina Angelina Damian (Bewitching), Victoria Peralta (Miss Varsity), Matea Santiago (Muse of the Club), Irene Contreras (Alluring), Paz Reynoso (Enchanting), at Luz Cruz (Simplicity). Kadalasa'y sa pisikal na kaanyuan at pakikisalamuha sa kapuwa nila binibigyang pangalan ang bawat isa. Gayunman, mula sa kanila ang pagbalik-tanaw sa nakaraan ng Pasig ay kinilala ang mga paraluman ng bayan. Sila kung ituring at tinaguriang mutyang giniliw ng madlangbayan na inihambing sa kariktang taglay ng Ilog Pasig (The Beauties of Pasig: Then and Now 198).

Naitala at nakilala rin si Cristina Santana, isa sa napakagandang dilag at naging hermana ng Flores de Mayo sa Poblacion. Maging si Binibining Villarin na Reyna ng Araw ni Balagtas noong 1934. Sinundan pa noong taong 1937 sa pagdiriwang ng Araw ni Rizal ay naitanghal ang isang patimpalak na halaw rin sa mga naunang karnibal. Naipamalas dito ang tatlong

titulo bilang musa, diwata, at dilag ng bayan. Ang bawat babae ay isinakay rin sa makukulay na karosa na iikot sa bayan. Noong taong 1961, sa sentenaryo ng pagsilang ni Jose Rizal ay nagdaos ng malaking pagdiriwang ang balanghay ng Kababaihang Rizalista, isang samahang sosyo-sibiko-makabayan sa Pasig. Ipinarada sa buong bayan ng Pasig ang mga karakter nina Bb. Maria Clara, Paraluman ni Basilio, at isang Diwata ng Pasig. Nilahukan ito ng kababaihang Rizalista at mga kilalang personalidad mula sa mga kalapit na bayan at lalawigan (Kasaysayan ng Kababaihang Rizalista Pasig, Nagpapalaganap sa Diwa ni Rizal 195).

Halos kasabayan din ng mga nabanggit, ang mga taunang patimpalak upang piliin ang Binibining Liwayway, Binibining Sampaguita, Binibining at Ms. PALAPUA (Palatiw-Pulo Association). Sa dating barangay na kung tawagin ay Pulo na ngayo'y San Miguel ay bawat taon isinasagawa sa mga Kapistahan ni San Miguel idinaraos ang patimpalak. Kasabay nito, nagkakaroon ng parada at pagtitipon sa lansangan. Para sa manonood, kadalasa'y kinatatampukan ito ng kababaihan na nakasuot ng baro't saya na may tangan na bulaklak, banga, at korona na sumisimbolo sa 'pagkamayumi bilang nag-iisang pinakaparaluman' mula sa nayon. Upang makamit ang mga titulo ay nakabase sa dami o laki ng boto o perang nalikom ang pagkapanalo sa nabanggit na patimpalak (Araw ng Pasig 215).

Bagama't hindi maituturing na patimpalak, mula naman sa mga alta de ciudad, pinipili ang isang Ms. Minerva Association. Ang layon ng samahang ito ay magbigay-pugay at pagkilala sa mga dalagang nagsipagtapos sa mga kilalang kolehiyo at unibersidad sa Kamaynilaan. Ang pangalan na Minerva ng samahan ay ginamit at inangkop mula sa anak ng diyos ng mga Romano na si Jupiter. Si Minerva ay ang diyosa ng karunungan, medisina, komersiyo, sining, panitikan, likhang-kamay at nang lumaon ng digmaan. Iniuugnay sa katangian ng diyosa ang pagpapahalaga at pamantayan sa pagkamit ng mataas na edukasyon. Siya rin ang modelo ng kababaihan na may angking kagandahan at karunungan. Ang pagiging Ms. Minerva sa anyo ng mutya ay kaugnay sa pananagisag bilang natatanging hangad at pangarap na makamit ang mataas na karunungan at pagkilala para sa pinagmulang uri sa lipunan. Ang mga nakatanggap ng titulo ay mga naging konsehal, pinakamahusay na guro, abogado, paham, manunulat, artista, at iba pa. Sila ay kinilala sa loob at labas ng Pasig (Tech tal. 2-3). Si Ms. Minerva bilang mutya ng bayan ay direktang paninimbolo ng antas ng lipunan. Ito ay nagsilbing bentahe upang masiguro ang popularidad ng kani-kanilang angkan sa bayan ng Pasig.




*Ang mga Lokal na Beauty Contest at Kultural na Aktibidad sa Pasig* (mga larawan mula sa Pasig City Museum Digital Photo Collection). Pagtatanghal ng Ang Araw ng Rizal, 1935 (itaas: kaliwa), Float ng Grade 6 Pupils ng Pasig Elementary School, 1930 (itaas: kanan), Ang Pasig Carnival Queen (ibaba: kaliwa), Karosa ng Isang Kandidata sa Nayon (ibaba: kanan).

Noong taong 1930, naitanghal naman ang larawan ng mutya sa paglahok ng mga mag-aaral ng Pasig Central Elementary School. Ang ikaanim na baytang ay ginayakan ang isang karosa na lunan ang mga mahalagang karakter sa kasaysayan at pambansang simbolo. Itinampok ang kabataang Filipinong Naka-Barong Tagalog, Estatwa ng Libertad ng Amerika, si Uncle Sam, mga Dilag mula sa mga Isla ng Luzon, Visayas, at Mindanao, at isang busto ni Jose Rizal at ang Inang Filipinas na siyang nakaupo sa isang malaking taklobo. Nakasulat din sa karosa ang isang saknong ng tulang "Huling Paalam" ni Jose Rizal. Ang nasabing karosa ay pakikilahok noong 1930 ng paaralang itinatag ng mga Amerikano, na kinikilala at pinahahalagahan ang buhay at mga gawa ng pambansang bayaning si Rizal, at gayundin ang lubos na pagtanggap sa pampubliko at kolonyal na edukasyon sa Pasig.

Hindi rin naiiba sa mga nauna ang kalagayan sa pagkamit ng isa pang titulo bilang "Mutya ng Pasig" sa katauhan ni Doña Victoria Velasquez-Concepcion na mula sa mayamang angkan. Ang kaniyang asawa na si Don Fortunato Concepcion ay ang kauna-unahang

rehistradong parmasiyotiko, kilalang negosyante, at naging alkalde ng Pasig. Sila ang may-ari ng Farmacia Moderna, Cine Victoria (ipinangalan kay Doña Victoria), Aircon Construction Company, at marami pang maliliit na tindahan sa Poblacion. Kilala rin ang kanilang pamilya na nagmamay-ari ng mga naglalakihang lupa sa Pasig. Noong si Don Fortunato Concepcion ay nanungkulan bilang alkalde, para sa kaniyang pangunahing proyekto, ipinatayo niya ang gusali ng Boys Scout of the Philippines–Rizal Chapter sa Poblacion, Pasig. Siya rin ang kauna-unahang Rizal Council President ng Boys Scout of the Philippines Chapter (Concepcion 37). Kasama sina Concepcion na nagpasimula ng Minerva Association, ang organisasyon ng mga edukadong elit na may taunang pagpaparangal sa mga nakapagtapos ng kolehiyo na may pagkilala o karangalan. Maliban dito, nakilala ang mga Concepcion dahil sa kanilang mansiyon na nakatayo hanggang ngayon sa tabi ng Plaza Rizal sa Poblacion, Pasig. Ang Mansiyon ng mga Concepcion ay itinayo noong 1937 na isinunod ang estilo at disenyo sa Bagong Kastilo o Neo-Castillian. Ito ay nagpapamalas ng estetika ng art deco at art nouveau bilang mga palamuti sa mansiyon. Sa mga panahong iyon, indikasyon ito nang lubos na pagkilala sa uring panlipunan at kapangyarihang angkin ng angkan (Lico 328). Naging saksi rin ito sa mahahalagang kaganapan sa kasaysayan: sa pagbisita ni dating Pangulong Manuel Quezon na uminom pa ng gatas ng kalabaw at hiningi ang simpatya ng mga Concepcion at ng bayan ng Pasig sa kaniyang pagtakbo sa pambansang halalan; naging garrison o headquarters ang mansiyon ng mga Hapones noong panahon ng giyera; at ang pagwawagayway ng bandila ng Amerikano na sumisimbolo pagbabalik ng ‘demokrasya o kalayaan’ mula sa pananakop ng mga Hapones sa Pasig (Concepcion 37–28). Ang dating mansiyon na nakatayo sa tabi ng Ilog Pariancillo na bahagi ng Bitukang Manok ay dumaan sa ilang pagbabago at pagsasaayos. Sa kasalukuyan, nasa pangangalaga ito ng lokal na pamahalaan at ginawang Pasig City Museum. Dito nakatanghal ang iba’t ibang pamanang kultura na pinagbuhatan ng lokal na kasaysayan at lipunan ng Pasig.

## Muling Pagsipat at Lagom sa Larawan ng Mutya

Ang representasyon sa mutya sa iba’t ibang artistikong ekspresyon ay isinakatuparan batay sa lokal na kasaysayang politikal. Nakakabit sa bawat politikal na lider at elit at sa kanilang programa, kalakaran, at kapangyarihan; kung papaano at bakit ito muling isinilang, nagbagong-anyo, at yumabong. Pumaloob dito ang pagiging mabisa sa kalakaran ng paggamit at pang-angkop bilang bahagi ng kultura na katutubo, moderno, o inimbento (Bowswell at Evans 16–19). Napatunayan ito, sa konsepto at pananaw na “paghahanap sa katutubong nakalipas para kilalanin ang kasalukuyan at lubos na pagsulong sa hinaharap,” at upang pumasa rin sa panlasa at binigyang anyo’t kapangyarihan. Kaya bahagi na ito ng hayag na kapangyarihan at posisyon ng partikular na uring panlipunan at interes nito. Kung titingnang maigi, ang bawat larawan at paglalarawan sa mutya ay mga tuwiran at hayag na kasangkapan o simbolo ng kongkretong nag-organisa o pagpapanatili ng kaayusan sa lipunan (Bowswell at Evans 17–20). Ang opisyal na logo, mga kultural na aktibidad, mga beauty contest at mga pagkilala ay kanilang mga ideolohikal na manipestasyon para isakatuparan ang hayag na pagtanggap ng bawat indibidwal sa kanilang sarili bilang bahagi ng kanilang binuong lipunan, pamayanan, bayan, at bansa.

Hindi lamang sa kalagayang ideolohikal na ekspresyon ng nabanggit na mga karakter ang samotsaring larawan at paglalarawan sa mutya, mas pinalakas ang transpormasyon at modipikasyon nito batay sa pagsang-ayon o unipikasyon na katuwang ang iba’t ibang pormasyon at dominasyon sa lipunan (Bowswell at Evans 17–20). Kaya nakaranas ng pluralidad ang artistikong ekpresyon nito, na nagpaanak ng mga ikonograpiya na may natatanging kahulugan at espesipikong konteksto batay sa anyo at paraan ng pagtatanghal. Ang bayan ng Pasig ay tila isang bukas na museo na nagtatanghal ng mga larawan ng sirena, ada, nimpa, kasamá, musa, pinuno, paraluman, babae, ina, irog, mayumi, at taklobo: paninimbolo ito ng tagapangalaga, pag-ibig, pagpapahalaga, kayamanan, kasipagan, karangyaan, katatakutan, pagkapasibo, kahinaan, kalikasan, kalakasan, karunungan at ano pa man. Direkta itong isinakatuparan sa paglikha at pagkalat ng samotsaring ideolohiya, kaalaman, at pananaw bilang kongkretong manipetasyon ng kanilang malawak, matibay, at hayag na kapangyarihan (Bowswell at Evans 17–20). Sa pamamagitan nito ay lubos ang aktibong pagtanggap sa manonood ng mutya. Kaya, buhat sa nasimulang sirkulasyon ng larawan ng mutya, ang bitbit nitong samotsaring ideolohiya,

kaalaman, at pananaw ay awtomatiko sa Pasig. Patuloy pa rin ang pag-ikot nito sa sirkulasyon hanggang sa kasalukuyan na tinatakdaan pa rin ng iilan at para sa kanilang kumpas ng kapangyarihan ang mutya ay direktang simbolo ng maringal na nakalipas ng bayan. Napakahalaga ng iba't ibang anyo ng eksibisyon at pagtitipon upang ang kolektibong karanasan at alaala ay manatiling aktibo at buhay para sa tunguhin ng hinaharap ng bayan (Majerano 233).

Sa pangkalahatang pagtingin, ang mutya bilang artistikong ekspresyon at kultural na manipestasyon ay natatanging praktika ng mga pagpupundar at pagpapahalaga ng partikular na pormasyon at dominasyon sa kasaysayan at lipunan. Itinatanghal ang mutya pabor sa namamayaning interes at iisang ideolohiya na lantaran ang pagkamit ng lehitimong kapangyarihan at identidad na tumatagos sa mas malawak na kapuluan ng Pilipinas.

## SANGGUNIAN


Abinales, Patricio N. at Donna J. Amoroso. *State and Society in the Philippines*. Anvil Publishing, Inc., 2005.

Araw ng Pasig Foundation. *Pasig: Noon, Ngayon at Bukas.* Araw ng Pasig Foundation, 1994.

Bañas, Raymundo. *Pilipino Music and Theate*r. Manlapaz Publishing Co., 1975.

Barthes, Roland. *Mythologies*. Trans. by Annette Lavers, Vintage, 2000.

Boswell, David at Jessica Evans, mga pat. *Representing the Nation: A Reader (Histories, Heritage and Museum).* Routledge, 1999. Print.

Bañas, Raymundo. *Pilipino Music and Theater.* Manlapaz Publishing Co., 1975.

Castro, Alex. "Manila Carnival 1908–1939: A Pictorial History of the Greatest Annual Event in the Orient." https://manilacarnivals.blogspot.com/search?q=sultana+kalangitan, 26 Jan. 2010.

Concepcion, Lermi, pat. "The Concepcion Family." *Pamilyang Pasigueño: Buhay ng Progreso.* City Government of Pasig, 2003, mp. 37–38.

Epistola, Ernesto. *Nicanor Abelardo: The Man and the Artist a Biography*. Rex Book Store, 1996.

Flores, Patrick, pat. "Theoretical Approaches to the Humanities." *Humanities: Art and Society Handbook.* UP College of Arts and Letters Foundation, Inc. and Commission on Higher Education, 1998, mp. 39–44.

Flores, Patrick at Cecilia dela Paz. *Sining at Lipunan.* Sentro ng Wikang Filipino, 2000.

German, Alfredo. *Ang Buhay at Musika ni Maestro Nicanor Abelardo.* Bulacan Cultural Arts & Historical Foundation, 1993.

Guillermo, Alice, et al. *Sining sa Kasaysayang Pilipino*. Unibersidad ng Pilipinas–Diliman 1991.

---. *Image to Meaning: Essays on Philippine Art.* Ateneo de Manila University Press, 2001.

"Kasaysayan ng Kababaihang Rizalista sa Pasig, Nagpapalaganap sa Diwa ni Rizal." *Pasig: Noon, Ngayon at Bukas.* City Government of Pasig, 1994, p. 194.

Lico, Gerard. *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines.* University of the Philippines Press, 2008.

Majerano, Danim. *Ang Nagbabanyuhay na Larawan ng MUTYA NG PASIG bilang Lunduyan ng Kahulugan, Kasaysayan at Kapangyarihan.* 2012. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, MA Tesis.

Manuel, Esperidión Arsenio. *Dictionary of Philippine Biography 3 Volumes*. Filipiniana Publication, 1955.

Mirano, Elena. "Pagtunton sa Prinsesa". *Puntong Batangan,* isinalin sa Tagalog at pinatnugotan ni Marian Pastor-Roces. Pamahalaang Lungsod ng Batangas, 2006, mp. 108–114.

Navarro, Raul. *Kolonyal na Patakaran at Ang Nagbabagong Kamalayang Pilipino: Musika sa Publikong Paaralan sa Pilipinas, 1898–1935.* Ateneo de Manila University Press, 2007.

Ocampo, Ambeth R. "Pasig Short River, Long History." *Philippine Daily Inquirer,* 16 Oct. 1999.

Odal, Grace. *Inang Tubig: Ang Diwa ng Ba'i sa Kalinangang Bayan.* Adhika ng Pilipinas, 1999.

Pasig City Museum Digital Photo Collection.

Reyes, Wensley M. *PASIG, 1901–1904*. 2010. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, MA Tesis.

*Pasig Profile 2007*. Pasig City Planning and Development Office, City Hall of Pasig, 2007.

Rizal, Jose P. "Mariang Makiling." *La Solidaridad,* 31 Dec. 1890.

Salita, Domingo. *Geography and Natural Resources of the Philippines.* University of the Philippines Press, 1974.

Santos, Ramon. *Tunugan: Four Essays on Filipino Musi*c. University of the Philippines Press, 2005.

Tech, Carlos, pat. "Pasig and the Minerva Association." *Minerva 1968*. Minerva Association, Inc., 1968.

"The Beauties of Pasig: Then and Now." *Lungsod ng Pasig, Pinanggalingan, Paroroonan.* City Government of Pasig, 1996, mp. 198–199.

"Wow Philippines!: Isang Muling Pagbasa sa mga Larawan ukol sa Manila Carnival Queens." Walang awtor at pesta, mp. 1–15.